SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS NOONG DISYEMBRE 27, 2023, MIYERKULES, IKA-9:40 NG UMAGA, SA BATASANG BAYAN, GUSALING ESCOLAPIA, SANTA CRUZ, LAGUNA.

DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kagalang-galang LAARNI A. MALIBIRAN | ..... | PANG. PUNONG BAYAN<br>Tagapangulo |
| Kagalang-galang Ambiel John C. Panganiban | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Norman T. Tolentino | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Rizaldy N. Kalaw | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Lucena R. Odejar | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Alan T. Pamatmat | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Laura P. Obligacion | ..... | Kagawad/ABC Federation President |
| Kagalang-galang Mark Anthony M. Juangco | ..... | Kagawad/ Pangulo – SK Pederasyon |

DI-DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kagalang-galang Lea A. Almarvez | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Esmeraldo C. De Las Armas, Jr. | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Mark Anthony P. Joven | ..... | Kagawad – legal reason |

SANGGUNIANG BAYAN RECORDED 05 JAN 2024 Santa Cruz, Laguna

OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN RELEASED NAME DATE 01/15/24 TIME STA CRUZ LAGUNA

**KAPASIYAHAN BLG. 427-T2023**

**KAPASIYAHANG PINAGTITIBAY ANG KAPASIYAHAN BLG. 124-T2023 / KAUTUSAN SA PAGLALAAN BLG. 04-T2023 NG SANGGUNIANG BARANGAY NA NAGKAKAHALAGA NG PITONG DAAN LIMAMPU'T SIYAM NA LIBO WALONG DAAN LABING PITONG PISO AT TATLUMPUNG SENTIMOS (P759,817.30) MULA SA LIMANG BAHAGDAN (5%) PONDO SA KALAMIDAD NANG TAONG 2024 PARA SA BARANGAY DISASTER RISK REDUCTION MANAGEMENT (BDRRM) PLAN NG BARANGAY BAGUMBAYAN.**

**SAPAGKAT,** ang Kapasiyahan Blg. 124-T2023 / Kautusan sa Paglalaan Blg. 04-T2023 ng Barangay Bagumbayan ay iniliwat sa sangguniang ito, na nagpapatibay ng halagang P759,817.30 mula sa Limang Bahagdang (5%) Pondong Kalamidad nang taong 2024 para sa BDRRM Plan, na ang 70% nito ay inilaan sa Disaster Preparedness (P531,872.11) at ang 30% naman ay para sa Quick Response (P227,945.19) ng Barangay Bagumbayan, ayon sa pagsunod sa Philippine Disaster Risk Reduction Management Act of 2010 o RA 10121;

**SAPAGKAT**, ito ay tinalakay ng mga Lupon sa Pananalapi, Badyet at Paglalaan at Lupon sa Barangay Affairs para sa pag-aaral at pagsusuri;

**SAPAGKAT**, matapos ang pagtalakay at malaman ang kahalagahan ng paglalaan ng pondo para sa paghahanda at biglaang pangangailangan ng barangay ay iminungkahi ng Tagapamuno ng kaukulang lupon ang pagpapatibay sa nasabing kapasiyahan ng barangay.

**KUNG KAYA'T, DAHIL DITO,** sa mungkahi ni Kagalang-galang Rizaldy N. Kalaw (Tagapamuno ng Lupon sa Pananalapi, Badyet at Paglalaan), na pinangalawahan nina Kgg. Lucena R. Odejar, Kgg. Norman T. Tolentino, Kgg. Laura P. Obligacion at Kgg. Ambiel John C. Panganiban at sa buong pagsang-ayon at pagkakaisa ng mga kasapi ng Sangguniang Bayan, ay

**PINAGPASIYAHANG:** Pagtibayin ang Kapasiyahan Blg. 124-T2023 / Kautusan sa Paglalaan Blg. 04-T2023 ng Sangguniang Barangay na nagkakahalaga ng P759,817.30 mula sa Limang Bahagdan (5%) Pondo sa Kalamidad nang taong 2024 para sa Barangay Disaster Risk Reduction Management (BDRRM) Plan ng Barangay Bagumbayan.

**INIUUTOS** : Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kagalang-galang Punong Bayan, Pambayang Ingat-Yaman, Pambayang Pinuno sa Badyet, Pambayang Tagatuos at Sangguniang Barangay Bagumbayan, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

**PINAGTITIBAY. Disyembre 27, 2023.**

**PINATUTUNAYAN** kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

**MARIA LUISA F. JOLO**
Gumaganap na Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATOTOO: **KGG. LAARNI A. MALIBIRAN**
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

1/12/24

PINAGTIBAY: **KGG. EDGAR S. SAN LUIS**
Punong Bayan